



# Paraan ng Paghiwalay at Pagtapon ng Basura



Kazo City

Itapon ang basura bago mag-8:30 ng umaga sa nakatakdang araw.

Kisai region

Sinusunog na basura	<p><b>Tuwing</b></p> <p>kada linggo</p>	<p><b>Nabubulok na basura</b> Patuyuin mabuti</p> <p><b>Mantikang gamit sa pagkain</b> Ipa-absorb sa papel o tela, o patigasin gamit ang coagulating agent</p> <p><b>Basurang kahoy</b> Ilagay sa nakatakdang supot ng basura ang piraso na may kapal na 10 cm pababa at may habang 40 cm pababa</p> <p><b>Produktong gawa sa leather</b> Sapatos, bag, stuffed toys, at iba pa Itapon bilang "Hindi sinusunog na basura" ang mga bagay na may nakakabit na metal</p> <p><b>Basurang papel at basurang tela</b> Paper diaper (tangalin ang dumili), marumi o maamoy na bagay na gawa sa papel, prinosesong espesyal na papel tulad ng litrato, thermal paper atbp., maruming bagay na gawa sa tela, cotton-padded na produkto at iba pa</p> <p><b>Nakatakdang supot</b> Ilagay sa nakatakdang supot ng basura</p>
Bagay na gawa sa plastic at produktong gawa sa rubber	<p><b>Tuwing</b></p> <p>kada linggo</p>	<p><b>Supot at container na gawa sa plastic</b> (may palatandaan na plastic mark) Ubusin ang laman</p> <p><b>Styrofoam</b></p> <p><b>CD at DVD Videotape</b></p> <p><b>Rubber hose Rubber gloves</b></p> <p><b>Supot na transparent o medyo transparent</b> *Ilagay sa transparent o medyo transparent na supot na 45 liters pababa</p>
Bagay na gawa sa papel at tela	<p><b>Ika-</b></p> <p>kada buwan</p>	<p><b>Diyaryo at flyers</b> Itali nang pa-cross at bukluran</p> <p><b>Magasin</b> Itali nang pa-cross at bukluran</p> <p><b>Cardboard</b> Itali nang pa-cross at bukluran</p> <p><b>Paketeng papel para sa inumin</b> Hugasan, buksan, patuyuin, itali nang pa-cross at bukluran</p> <p><b>Iba pang papel</b> Pambalot, kahon ng tsitsirya, poster, sobre, bond paper Itapon bilang "Sinusunog na basura" ang marumi o maamoy na papel</p> <p><b>Bagay na gawa sa tela</b> Damit, towel, sapin, at iba pa Itapon bilang "Sinusunog na basura" ang marumi o punit na bagay na gawa sa tela</p> <p>*Ilagay sa transparent o medyo transparent na supot na 45 liters pababa</p>
Lata, bote, at mapanganib na basura	<p><b>Ika-</b></p> <p>kada buwan</p>	<p><b>Bakal na lata</b> (may palatandaan na steel mark) Ilagay sa container na nasa tambakan</p> <p><b>Aluminum na lata</b> (may palatandaan na aluminum mark) Ilagay sa container na nasa tambakan</p> <p><b>Bote para sa inumin</b> Tanggalin ang takip at banlawan ang loob</p> <p><b>Spray can at gas can</b> Ubusin ang laman at butasan</p> <p><b>Isasagawa rin ang site collection para sa mga mapanganib na basura na nakasaad sa kanan</b></p> <p><b>Fluorescent tube</b> Ilagay sa papel na kahon na kasama nito upang hindi mabasag</p> <p><b>Lighter</b> Ubusin</p> <p><b>Batarya</b> Ilagay sa container na nasa tambakan</p> <p><b>Mercury thermometer</b> Ilagay sa container na nasa tambakan</p>
PET bottle	<p><b>Ika-</b></p> <p>kada buwan</p>	<p><b>PET bottle</b> Tanggalin ang label at takip at itapon bilang "Bagay na gawa sa plastic o produktong gawa sa rubber"</p> <p>Pipin at ilagay sa basket na nasa tambakan</p>
Hindi sinusunog na basura	<p><b>Ika-</b></p> <p>kada buwan</p>	<p><b>Piraso ng salamin at seramika</b></p> <p><b>Matatalim na bagay</b> Ibalot sa papel atbp</p> <p><b>Bagay na gawa sa metal</b></p> <p><b>Bote ng gamot at cosmetic</b> Ubusin</p> <p><b>Maliit na appliances</b> Tanggalin ang batarya o rechargeable na batarya</p> <p><b>Nakatakdang supot</b> Ilagay sa nakatakdang supot ng basura</p>

\* Kung transparent o medyo transparent ang supot mula sa pamilihan, maari rin itong gamitin bilang supot para sa "Bagay na gawa sa plastic at produktong gawa sa rubber", "Iba pang papel", at "Bagay na gawa sa tela" kapag magtatapon sa tambakan ng basura.

Basurang hindi maaaring itapon sa tambakan

## Malaking basura

### Malaking bagay na hindi kasya sa 45 litres na supot ng basura

(Muwebles tulad ng aparador, study table, at kama, futon, carpet, stove, electric fan, microwave, bisikleta, stroller, at iba pa)



Pagtapon ng malaking basura

### Door-to-door collection (500 yen bawat 1 gamit)

Mag-register sa: Kazo Clean Center ☎0480-61-3671

Kazo Clean Center Direct Delivery (130 yen para sa 10 kg)

Araw at oras ng pagtanggap: Lunes hanggang Sabado

(maliban sa public holidays at katapusan/simula ng taon)

8:30 - 16:00 (maliban sa 12:00 - 13:00)

## Mga bagay na mahirap i-proseso

Ang mga sumusunod na basura ay hindi maaaring i-proseso sa Clean Center. Para sa paraan ng pag-proseso, mangyaring sumangguni sa "Garbage Calendar" o "Garbage Segregation Item List", o kaya ay makipag-ugnayan sa Resource Recycle Section, naaayon na Clean Center, o naaayon na General Branch Office Regional Promotion Section.

Mga partikular na electrical appliances (telebisyon, refrigerator o freezer, washing machine o dryer ng damit, aircon, kompyuter), mattress o sofa na may spring, household furnishing tulad ng bathtub o construction material tulad ng tiles, bato o lupa, motorsiklo, gamit sa kotse tulad ng gulong, kahoy na higit sa 10cm ang taba, piano, bowling ball, fireproof safe, abo, kemikal, nagamit na langis, pintura, gas cylinder, fire extinguisher atbp



**Green Recycle Project**

Sa lungsod, hindi sinusunog sa Clean Center ng lungsod ang mga basurang kahoy tulad ng sanga o katawan ng puno, pinutol na damo, nahulog na dahon, at muwebles na kahoy. Ang mga ito ay nire-recycle ng provider na nakasaad sa ibaba.

Maaari ring direktang dalhin ang mga basurang kahoy mula sa tahanan. Mangyaring gamitin ang serbisyong ito.

**Kuwabara Pumpkin Co., Ltd Hokusai Wood Recycle: 2-5 Shono, Kazo City ☎0480-73-4700 Paraan ng pag-proseso Dadalhin (may bayad)**

\* May mga bagay din na hindi maaaring tanggapin tulad ng bamboo at palm tree, oleander, synthetic wood, at iba pa. Makipag-ugnayan sa provider kung may nais linawin.

**Pinansiyal na suporta sa pagbili ng container sa pag-proseso ng nabubulok na basura**

May ibinigay na pinansiyal na suporta para sa mga bibili ng container sa pag-proseso ng nabubulok na basura (compost o electric) upang mabawasan o gawing fertilizer ang nabubulok na basura na nagmumula sa tahanan. Mangyaring kumonsulta muna kapag napag-isipan ang pagbili nito.

Maaring kolektahin kahit ang araw ng pagkolekta ay isang public holiday. (Hindi kumolekta sa katapusan/simula ng taon mula Disyembre 31 hanggang Enero 3.)